Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED

JUL 20 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 283 s. 2007

## KONSULTASYON-BALIKATAN SA ORTOGRAPIYANG FILIPINO

Para sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang (KWF) sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magtataguyod ng Konsultasyon-Balikatan sa Ortograpiyang Filipino sa sumusunod ng mga lugar at petsa:

| Pangkat | Rehiyon | Petsa | Venue |
|---|---|---|---|
| Pangkat A - Luzon | I, II, III, IV-A, IV-B, V, CAR and NCR | Hulyo 18, 2007 | Bulwagan ng Karunungan, DepED Complex, Pasig City |
| Pangkat B – Visayas | VI, VII at VIII | Hulyo 24, 2007 | Applied Nutrition Center, Banilad, Cebu City |
| Pangkat C - Mindanao | IX, X, XI, XII, ARMM at CARAGA | Hulyo 27, 2007 | RELC – Lapasan, Cagayan de Oro City |

2. Layunin ng konsultasyon-balikatan na:

a. iharap at pag-usapan ang binagong mga tuntunin ng ortograpiya ng wikang pambansa batay sa pag-aaral ng Sangay ng Linggwistika ng KWF sa mga mungkahi ng mga kalahok sa panrehiyong talakayan sa ortograpiyang Filipino;
b. magkakaroon ng porum upang matalakay ang position paper ng iba't ibang institusyon sa rehiyon hinggil sa reporma ng ortograpiyang Filipino;
c. magbalangkas ng mga estrahiya kung paano mapabilis ang pagpapalaganap ng anumang pinagkasunduan tungkol sa ortograpiyang Filipino; at
d. likumin at masuri ng KWF ang mga reaksyon, mungkahi at input buhat sa mga kalahok tungkol sa ortograpiya ng wikang pambansa..

3. Ang mga dapat dumalo sa konsultasyon-balikatang ito ay ang mga Curriculum Writer ng Kagawaran ng Edukasyon (Central) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (Central), mga piling panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga aanyayahang piling kinatawan mula sa mga kolehiyo at unibersidad (pribado at publiko). Para sa mga aanyayahan, dalhin ang liham paanyaya sa inyong pagdalo.

4. Walang bayad ang rehistrasyon (kasama ang 2 meryenda at 1 tanghalian, sertipiko sa pagdalo at paglahok at kit). Ang akomodasyon, almusal at hapunan at pamasahe mula at pabalik sa pinanggalingang tanggapan o paaralan ay sasagutin ng pondong lokal na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

5. Para matiyak ang bilang ng ihahandang kit, pagkain at sertipiko, mangyaring tumawag sa KWF sa Sangay ng Linggwistika sa tel. blg. (02) 736-2525 lokal 107, e-mail adres: KWF-2007 o kaya'y ibalik ang kalakip na pormularyo sa rehistrasyon sa sumusunod na adres:

Komisyon sa Wikang Filipino
Komite sa Ortograpiyang Filipino
Sangay ng Linggwistika
1610 JP Laurel, Malacañang Palace Complex
San Miguel, Maynila

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JESLI A. LAPUS
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 374, s. 2006

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning area, FILIPINO
OFFICIALS

Modelo-Ortograpiyang Filipino
6-25-07